Ang sinumang nagsanggalang sa dangal ng kapatid niya, magsasanggalang si Allāh sa mukha niya sa Apoy sa Araw ng Pagbangon."}

Ayon kay Abū Ad-Dardā' (malugod si Allāh sa kanya): {Ayon sa Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na nagsabi: "Ang sinumang nagsanggalang sa dangal ng kapatid niya, magsasanggalang si Allāh sa mukha niya sa Apoy sa Araw ng Pagbangon."}

[Tumpak] [Nagsalaysay nito sina Imām At-Tirmidhīy at Imām Aḥmad]

Nagpapabatid ang Propeta (basbasan siya ni Allāh at pangalagaan) na ang sinumang nagtanggol sa dangal ng kapatid niyang Muslim sa sandali ng pagkaliban nito sa pamamagitan ng pagpigil sa pagpula rito o paggawa ng masagwa rito, tunay na si Allāh ay magsasanggalang sa kanya sa pagdurusa sa Araw ng Pagbangon.

http://www.sunnah.global/hadeeth/tl/show/5514